# Finger Puppet

Aralin

WEEK 1

I

Ang araling ito ay naglalayong matutuhan ang mga eskultura na may tatlong dimensiyon at makilala ang iba't-ibang disenyo ng puppet na gawa sa Pilipinas. Layunin din nito na mahubog ang kakayahan ng mo sa paggawa ng **puppet**.

Ang puppet ay isang bagay na karaniwang kahawig ng isang tao, hayop, at iba pang pigura. Ito ay karaniwang minamanipula ng tao o **"puppeteer"** na siya ring madalas na nagsasalita sa tinig ng karakter ng puppet. Karaniwan nilang ginagamit ang kamay sa paggalaw ng mga puppet. Ito ay mga sinaunang anyo ng teatro. Ang **Teatro Mulat** at **Anino Theater Group** ay ilan sa mga teatrong gumagamit ng puppet. Maraming iba't-ibang uri ng puppet ang ginagawa mula sa iba't-ibang materyales.

Sa Pilipinas,ang mga bata ay namamangha sa likod ng sining ng paggawa ng mga manika o tau-tauhan.

## Mga Uri ng Puppet

**Finger Puppet.** Ito ay isang simple at maliit na uri ng puppet na umaangkop sa daliri.

**Sock Puppet.** Ito ay isang uri ng puppet na pangkamay at karaniwang yari sa medyas. Ito ay kinokontrol gamit ang isang kamay na sumasakop sa loob ng puppet at gumagalaw sa paligid.

**Hand Puppet.** Ito ay katulad ng isang puppet sa kamay ngunit mas malaki at karaniwang yari sa **"foam"** at tela.

**Rod Puppet.** Ang puppet na ito ay minamanipula gamit ang patpat na kinokontrol ang paggalaw ng ulo,kamay at paa ng puppet.

**Giant Puppet.** Ang puppet na ito ay kasinlaki ng tao na gawa sa **"foam"** at karaniwang yari sa **"fiber glass"** ang ulo nito. Ang kumokontrol nito ay nasa loob ng puppet na nakakalakad

**Stick Puppet.** Ito ay yari sa karton at patpat. Ang pagkontrol nito ay sa pamamagitan ng patpat.

LIVEWORKSHEETS

**Shadow Puppet.** Ito ay yari din sa karton at patpat ngunit ang pagmamnipula nito ay sa likod ng puting tela na iniilawan sa likod ng puppet.

**Black Theater Puppet.** Ang puppet na ito ay yari sa **"foam"**, lubid, tela at nilamnan ng ibang bagay. Ang buong katawan nito ay nakokontrol. Ang mga gumaganap na "puppeteers" ay nasa likuran na gumagamit ng itim na ilaw upang magliwanag ang disenyo at kulay ng puppet.

**String Puppet.** Ito ay yari sa kahoy o goma at ginagamitan din ng tela, pisi at maliit na kawad. Ang pisi ay nakalakip o nakatali sa puppet na siyang nagpapagalaw ng ulo, kamay, binti at paa ng puppet, dahilan kung bakit tinawag itong **"string puppets"**. Ang mga **"puppeteers"** ay nasa taas ng improbisadong entablado.


Sa paggawa ng puppet maaari ring gumamit ng mga patapong bagay at kung anumang bagay na magagamit o makikita sa tahanan.

Ang mga puppet ay epektibo ring ginagamit sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay ginagamit sa pagkukuwento at dula-dulaan.

LIVEWORKSHEETS

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Suriin ang mga larawan sa ibaba sa **Hanay A.** Itambal ang bawat isa sa uri ng puppet sa **Hanay B.** Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  | A. Giant Puppet |
| 2.  | B. Shadow Puppet |
| 3.  | C. Finger Puppet |
| 4.  | D. Rod Puppet |
| 5.  | E. String Puppet |

LIVEWORKSHEETS

## A

Buuin ang talata sa ibaba. Punan ng tamang salita ang bawat patlang. Piliin ang sagot sa kahon.

Ang ______________ay isang uri ng maliit na manika na nakadikit at ______________ ng ______________ o mga daliri sa kamay na nagsisilbing __________________ sa drama o kuwentuhan.

| | |
|---|---|
| finger puppet | pinakikilos |
| daliri | tau-tauhan |

LIVEWORKSHEETS